REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KAPASIYAHAN LUNGSOD BILANG 95-243

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG SUBDIVISION PLAN NG WAWA NEIGHBORHOOD ASSOCIATION NA MATATAGPUAN SA ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Melchor R. Teves

*************************************************************

SAPAGKAT, alinsunod sa Republic Act 7160 partikular ang seksyon 458 letra x, ang Sangguniang Panglungsod alinsunod sa batas ay may kapangyarihang magproseso at magpatibay ng mga subdivision plans para sa residensyal, komersyal o industriyal na gamit at iba pang pagpapaunlad na proyekto;

SAPAGKAT, itinatadhana rin ng kautusang bayan ang kapangyarihan ng Sanggunian na magpatibay ng mga subdivision plan;

SAPAGKAT, ang Wawa Neighborhood Association ay nagpasa ng mga dokumentasyon alinsunod sa hinihingi ng batas upang ang kanilang aplikasyon para sa subdivision plan ay mapagtibay ng Sangguniang Panglungsod;

SAPAGKAT, matapos ang masusing pag-aaral ng mga dokumentong naipasa at dahil na rin sa rekomendasyon ng Tanggapan ng Pagpaplano marapat na pagtibayin ang aplikasyon para sa subdivision plan ng nabanggit na samahan;

NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN ng Sangguniang Panglungsod na pagtibayin ang aplikasyon ng Wawa Neighborhood Association, Alabang, Lungsod ng Muntinlupa.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na anomang di tunay na impormasyon ukol sa materyal na representasyon na nakasaad sa dokumentong isinumite o kamalian ukol sa nilalaman nito ay nangangahulugan ng pagkansela ng pinagtibay na subdivision plan na ito.

PINAGTIBAY, ngayong ika-30 ng Oktubre, 1995 ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa sa ika-16th regular na sesyon.

SINANG-AYUNAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
Konsehal

(Di Lumahok)
KGG. VICTOR L. ULANDAY
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

NECITO M. GUICO
Pansamantalang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod